

SFPD ay Kailangan Maki-pagtulungan sa OCC

Ang Kasulatan ng Karapatan ng San Francisco at ang SFPD Utos Pangkalahatan 2.04 ay ipinag-uutos ang San Francisco pulis opisyals na makip-agtulongan sa imbestigasyon ng OCC.

Ang departamento ng pulisiya ay hinihimok ang mamamayan na ilabas at itala ang mga reklamo laban sa kakulangan sa serbisyo ng mga pulis o pang-aabuso ng mga opisyal nito. Sa oras na may nag-hain ng reklamo, ang mga opisyal ay dapat tanggapin ito na may galang at hindi pinatatagal. Ang utos na ito ay nag-sasaad ng buong paki-pagtulungan ng lahat ng departamento ng pulisiya at empleyado sa pag-iimbestiga ng OCC.



Ang Paghihiganti ng Pulis ay Ilegal

Ang mga opisyal ay pinag-babawalan na maki-pag-usap sa nag-rereklamo o mga testigo tungkol sa mga hinaing na nireklamo habang ito ay ini-imbestigahan.

Noong 1988 ang Pulis Komisyon ay nag-tatag ng patakaran partikular na ipinag-babawal ang pulis opisyal na manakot, mag-banta, iligaw o harasin ang posible o aktual na nagreklamo sa OCC, testigo, o miyembrong tauhan. Ang pag-hihiganti laban sa nagreklamo ay ipinag-babawal ayon sa batas. Ipaalam kaagad sa OCC kung sa iyong paniniwala na ang pag-hihiganti ay nangyari o maaring napag-banta-an at upang mapa-ipatupad ang nararapat na aksiyon.

Ang Pag-Aabot Kamay ng OCC

Nais ipaalam ng OCC kung ano ang mga ginagawa namin at kung papaano ang pag-utilisa ng proseso sa OCC. Kung nais mo ng impormasyon tungkol sa ahensiya, o maki-pagtulungan para sa pag-bigay ng presentasyon para sa tauhan sa mga paaralan at pagtitipon ng karamihan, kontakin kami sa 415-241-7711.

Ang OCC ay nag-papakilos ng mga boluntaryo sa ibat' - ibang kapasidad. Tumawag lang sa ahensiya kung nais mong mag-boluntaryo.

Ang Iyong Reklamo ay magdudulot ng malaking Kaibahan

Sayo nag-uumpisa ang sibilyang pagsusuri. Umaasa kami na dadalhin mo sa aming atensiyon ang problema sa mga opisyal at polisiya ng departamento. Alam namin na malakas ang iyong bigat ng loob sa oras ng iyong engkwentro sa opisyal pulis, dahil kung hindi man ay hindi mo sasayangin ang iyong panahon para maglagak ng iyong reklamo. Subalit kung walang sapat na ebidensiya, hindi namin mapapatunayan ang hinaing. Ang iyong reklamo ay isusulat sa talaan pang-tauhan ng pulis, kung saan ito ay mamalagi, kahit na ang reklamo ay hindi napatunayan. Kung sakaling maulit pa muli ang pangyayari, ang departamento ng pulisiya ang gagawa ng aksiyon upang matulungan ang opisyal na baguhin ang masamang pag-uugali.

Kailan Dapat Maghain ng Reklamo?

Ang reklamo ay dapat itala kung sa iyong palagay na ang miyembro ng pulis departamento ay gumawa ng hindi akma sa oras ng kanilang pag-trabaho. Kahit na may kaugnayan ito sa bastos at pang-aabuso na asal, hindi legal na pag-aresto, pag-gamit ng pwersang labis o kahit na anong aksyon ng pulis na sa palagay mo ay mali, nais naming malaman ito. Samantalang ang OCC ay hinihikayat kayong bigyan lagda ang iyong reklamo, tumatanggap din kami ng reklamo na kahit walang lagda kung kinakailangan.

Sino Kami

Ang Opisina ng Reklamong Pang-mamayan ay nag-iimbestiga ng mga reklamo laban sa mga pulis opisyal ng San Francisco at gumagawa ng mga pagmumungkahi sa pamamaraan. Ang organisasyon na ito ay tinatauhan ng ibat' ibang grupo ng sibilyan na hindi kahit kailan ay naging pulis opisyal ng San Francisco.

The opisina ay itinatag sa pamamagitan ng halalan upang ibunsod ang Amendasyon ng Kasulatan ng Karapatan ng Siyudad San Francisco noong 1983. Ang OCC ay inilagay sa direktang superbi-syon ng Pulis Komisyon bilang isang malayang ahensiya, hiwalay sa departamento ng pulisiya. Ang Pulis Komisyon ay isa ring sibilyang grupo.


Tanggapan Ng Mga Reklamo Kontra Sa Pulis

25 Van Ness Avenue, Suite 700
San Francisco, CA 94102-6058
415.241.7711
fax # 415.241.7733
TTY: 415.247.7770
website: www.sfgov.org/occ
Mga Oras ng Opisina
8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h.
Lunes hanggang Biyernes

Ang mga Reklamo ay maari din itala sa Distritong Istasyon Ng Pulis

Tenderloin District 301 Eddy Street	Mission Station 630 Valencia Street
Central Station 766 Vallejo Street	Northern Station 1125 Fillmore Street
Southern Station 850 Bryant Street	Park Station 1899 Waller Street
Bayview Station 201 Williams Street	Richmond Station 461 Sixth Avenue
Airport Bureau Police Sub-Station Terminal 1, Lower Level SFO International Airport	Ingleside Station 1 John Young Ln. Taraval Station 2345-24th Avenue

Tanggapan Ng Mga Reklamo Kontra Sa Pulis



Ang Ahensiyang Nag-uulat Sa
San Francisco
Pulis Komisyon

Ang Proseso ng Pag-iimbestiga

Ang layunin ng imbestigasyon ay upang malaman kung ano ang nangyari. Ang imbestigasyon ay maaaring kasama ang kapanayam sa mga testigo at opisyal, ang pag-repaso ng talaang pulis, palakad at pamamaraan, ang pag-rerepaso ng talaan medikal, pag-kuha ng larawan sa bawat tao at paligid, at ang pag-titipon, preserbasyon at inspeksiyon ng kahit anong ebidensiyang pertinente. Sa oras na matapos ang imbestigasyon, ang kapasuhan ay ipapataw kung ang asal ng mga opisyal ay lumabag sa kautusan ng departamento, o di kaya local, estado o pederal na mga batas. Magpapadala kami ng sulat sa dalawang panig; ang nag-reklamo at ang opisyal, upang pagpayuhan tungkol sa pa-unang kapasuhan ng imbestigasyon.



Paglilitis para sa Pag-iimbistega

Ang Occ ay mayroong matimbang na pasusuri ng sistema na inilagay sa proseso ng pag-iimbestiga. Matapos magbigay ng desisyon ang OCC, sa reklamo, ang (o mga) nagreklamo, at ang (o mga) nireklamong pulis opisyal ay mayroong karapatan upang repasohin ang mga ebidensiya sa kaso na kasama ang imbestigador. Kung mayroon man sa dalawang panig ang naniniwala na ang imbestigasyon ay hindi kumpleto o hindi maayos ang paghawak, sila ay mayroong karapatan upang humiling na suriin ang paglilitis.

Ang bista ay maibibigay lamang sa malayang pagpili ng taga-pangasiwa ng OCC. Ang independenteng opisyal ng bista ay maghuhusga ayon sa katoohan ng iyong kaso. Ang katutuhanan na may saysay ay sya ngayong ihahambing kung nauukol sa kagawarang pamamalakad at pamamaraan ng Taga-pangasiwa, ang taong siya ring magdidisyon kung dapat papalitan ang panimulang resulta ng pag-susuri ng aming tauhan.

Papaano Mag-hain ng Reklamo

Ang pinaka-mabisang paraan para maghain ng reklamo ng reklamo ay ang dumalo sa opisina ng OCC. Sa pamamagitan nito, kayo ay personal na maiimbestigahan at ma-itala ang mga mahalagang katibayan. Ang ibang mga paraan ng pahhain ng reklamo ay:

- Tumawag sa OCC. Ang mga reklamo ay maaaring sabihin sa telepono.
- Kumpletuhin at ibalik ang porma para sa pag-rereklamo sa koreo. Ang OCC ay magpa padala ng pormasyon sa iyong hiling. Ang imbestigador ay makikipag-ugnayan sa iyo matapos mong ma-ibumbong ang iyong reklamo.
- Padalhan mo kami ng sulat na idineditalye ang pangyayari. Pakiusap, siguruhin na kasama ang iyong tirahan, at numero ng telepono para kami ay kumontak sa iyo tungkol sa karagdagang impormasyon, kung kinakailangan.
- Pumunta sa distritong istasyon ng pulis. Lahat ng istasyon ng distrito ay bukas 24 oras sa buong araw. Ang lahat ng tauhan ng pulis ay kailangang tanggapin ang iyong reklamo ng magalang at asikasuhin ka sa oras ng iyong pag-sumbong.

Sa oras ng pagsumbong mo sa iyong reklamo ay makakatanggap ka ng kopya, kahit na papaano o saan mo man ito isinumbong.

Mahalagang Impormasyon sa oras ng iyong Pag-sumbong

Sa iyong pag-hain ng reklamo, isama ang sumusunod na impormasyon ng iyong pag-lalarawan sa pangyayari:

- Ang araw, petsa, oras at eksaktong lokasyon ng pangyayari;
- Ang pangalan ng pulis opisyal, numero ng tsapa, pag-lalarawan at uri ng sasakyan at numero ng plaka (kung mayroon)
- Pangalan ng mga testigo, tirahan, at numero ng telepono;
- Numero ng lisensiya ng sasakyan na kasali sa pangyayari;
- Iba pang ebidensiya na sa palagay mo ay maaaring mahalaga gaya ng kopya ng sitasyon, mga larawan, at iba pa.

Kung ikaw ay nasaktan, mahalagang mag-hain ng iyong reklamo kaagad upang makunan ng larawan at makuha ang tala ng medikal sa madaling panahon. Kung ikaw ay mayroong kasong kriminal na nakabinbin laban sa iyo, kausapin kaagad ang iyong abogado bago ka mag-hain ng reklamo.

Ang Proseso ng Pag-Disiplina

Sa oras na ang kinalabasan ng reklamo ay sinangayunan, ang ulat ay ipapadala sa Hepe ng Pulisiya para sa karagdagang aksyon. Ang Hepe ang maaring magsagawa ng isang disciplinary hearing kung saan hanggang sampung araw na suspensiyon ay maaaring ipataw. Kung ang alegasyon ay nangangailangan ng mas seryosong disiplina, o ang opisyal ay mayroong dating ginawang kamalian, ang Hepe ay maari nyang ipadala ang reklamo sa Pulis Komisyon. Ang Pulis Komisyon ay sya ngayong magsasagawa ng pormal na administratibong paglilitis at gagawa ng desisyon sa reklamo pati na sa nauukol na disiplina na maaaring umabot sa terminasyon sa serbisyo. Ayon sa beripikadong reklamo at pamamaraan ng OCC, ang Tagapangasiwa ng OCC ay maaaring magpasya na ipadala ang reklamo sa Pulis Komisyon kung sakaling ang Hepe ay hindi sang-ayon na may nangyaring pang-aabuso.



Pamamagitan/Ang Alternatibo

Ang OCC ay may mediation program upang tulungan ang nag-reklamo sa pag-aayos ng kanilang sumbong kasama ang opisyal na isinumbong sa pamamagitan ng harapang pag-saayos ng reklamo. Ang mediation ng programa ay upang maayos ang dalawang panig sa hangad na magkaroon ng magkatulad na pag-kakaunawa sa pangyayari. Ang pamamagitan ay limitado sa mga kasong karapatdapat ayon sa kapasuhan ng OCC at kailangan mapagsangayonan ng dalawang panig. Ang mga kaso na matagumpay na naisaayos sa pamamagitan ng mediation ay hindi kinukunsidira na dumaan sa disiplinaryong paglilitis sa personal na talaan ng pulis.